Ang kabayaran para sa trabaho

Kapag ang isang empleyado ay magsisimula sa bagong trabaho dapat niyang:

- suriin ang kaniyang katayuan sa pagtatrabaho
- suriin ang kaniyang minimum na rate ng suweldo
- Magtabi ang mga talaan kabilang ang mga oras ng trabaho at halaga na ibinayad sa kaniya.

Dapat tiyakin ng mga tagapag-empleyo na alam nila ang mga patakaran tungkol sa suweldo na kanilang mga empleyado at iba pang mga kondisyon.- Ang isang empleyado ay maaaring kunin bilang:

- full-time
- part-time o
- kaswal (casual).

Iba't iba ang mga minimum na rate ng pasuweldo sa iba't ibang uri ng mga trabaho na lahat ng mga empleyado ay kailangang bayaran. Bilang isang gabay, ang empleyado na may gulang na 21 taon at mas matanda ay dapat na binabayaran ng hindi bababa sa $20.33 kada oras o $25.41 kung wala siyang bayad na bakasyon. Maaari mong gamitin ang aming online na Kalkulador ng Suweldo (Pay Calculator (https://calculate.fairwork.gov.au/findyouraward)) upang malaman ang pinakamababang rate ng suweldo para sa iba't ibang mga trabaho

Ang minimum na rate ng suweldo ay ang gross na suweldo (ang halaga ng suweldo bago makaltasan ng buwis). Ang tagapag-empleyo ay kailangang kumuha ng buwis mula sa suweldo ng empleyado.

Ang Tanggapan ng Pagbubuwis sa Australya (Australian Taxation Office - ATO) ay nagbibigay ng payo at impormasyon tungkol sa buwis at superannuation (superannuation). Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang ATO website (https://www.ato.gov.au/General/Other-languages/) .

Ang mga empleyado ay maaaring bayaran ng cash, ng tseke o sa isang akawant sa bangko. Ang pay slip ay dapat na ibigay sa bawat pagbabayad.

Hindi Nabayarang Trabaho

Mayroong mga limitadong sitwasyon kung saan hindi kinakailangang bayaran ang isang tao sa trabahong ginawa niya.

Kung ang isang empleyado ay nagsasagawa ng pagsasanay bilang bahagi ng kaniyang trabaho, kailangan siyang bayaran para sa mga oras na iyon.

Alamin kung kailan pinapayagan ang hindi binabayarang trabaho sa aming pahina ng mga hindi binabayarang trabaho (www.fairwork.gov.au/pay/unpaid-work) .

Kung hindi ka pa rin sigurado kung dapat bayaran o hindi ang trabaho, tawagan kami (www.fairwork.gov.au/language-help/filipino#call-us) o magtanong online. (www.fairwork.gov.au/my-account/registerpage.aspx)

Ano ang susunod na gagawin

- Gamitin ang aming Kalkulador ng Suweldo (Pay Calculator (https://calculate.fairwork.gov.au/findyouraward)) upang makalkula ang mga rate ng suweldo, multa, at mga allowance
- Gamitin ang I-record aking mga oras na app (Record my hours app (www.fairwork.gov.au/tools-and-resources/record-my-hours-app)) upang subaybayan ang iyong mga oras sa trabaho
- Tingnan ang pahina ng pay slip (pay slip page (http://www.fairwork.gov.au/pay/pay-slips-and-record-keeping/pay-slips)) upang malaman kung ano ang dapat isama sa mga pay slip at hanapin ang aming template

Contact us

Fair Work Online: www.fairwork.gov.au
Fair Work Infoline: 13 13 94
Need language help?
Contact the Translating and Interpreting Service (TIS) on 13 14 50
Hearing & speech assistance
Call through the National Relay Service (NRS):
For TTY: 13 36 77. Ask for the Fair Work Infoline 13 13 94
Speak & Listen: 1300 555 727. Ask for the Fair Work Infoline 13 13 94

The Fair Work Ombudsman is committed to providing advice that you can rely on. The information contained on this website is general in nature. If you are unsure about how it applies to your situation you can call our Infoline on 13 13 94 or speak with a union, industry association or workplace relations professional. Visitors are warned that this site may inadvertently contain names or pictures of Aboriginal and Torres Strait Islander people who have recently died.